

TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON 2020

1. Ang **Talaang Ginto: Makata ng Taon** ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na itinaguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula.
2. Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
3. Ang entring ipapasa ay maaaring isang mahabang tula na may isang daan (100) o higit pang taludtod, o isang koleksiyon ng sampu (10) o higit pang maikling tula. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon. Malaya ang paksa ngunit kailangang tumatalakay sa isang mahalagang paksaing panlipunan sa kasalukuyan. Ang ipapásang mahabang tula o maikling tula ay may tugma at sukat. Hindi bababa sa antas tudlikan ang tugmaan.
4. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tula, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Ang sinumang mahuli at mapatunayang nagkasala ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nito sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
5. Para sa paglahok, kinakailangang isumite ang sumusunod:
 - apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado ng lahok. Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa 8.5x11 in (short bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibaba, at gilid.
 - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
 - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok
 - entri form (maaaring i-download [dito](#))
 - Curriculum vitae at/o bionote ng makata
 - 2x2 retrato ng kalahok
6. Ang lahok ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Talaang Ginto 2020
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

7. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **3 ENERO 2020, 5nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
8. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok. Kalakip din nito ang gagamiting entri code at link ng online form para sa registry ng mga kalahok. Bukas ang online registration form hanggang **9 ENERO 2020, 5nh**.
9. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala PHP30,000 + titulong “Makata ng Taon 2019”, tropeo at medalya;
Ikalawang gantimpala PHP20,000.00 at plake;
Ikatlong gantimpala PHP15,000.00 at plake
10. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
11. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
12. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.